REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-184

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG BUONG-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NI DIREKTOR BENJAMIN V. DIAZ SA KANYANG NAPAKAAGA AT DI-INAASAHANG PAGSAKABILANG BUHAY AT PAGKONDENA SA DI-MAKATWIRAN AT DI-MAKATAONG PAGPASLANG NA GINAWA SA KANYA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, bilang isang lingkod ng bayan ay nagpamalas ng buong kasipagan, dedikasyon at katapatan sa tungkulin si Direktor Benjamin V. Diaz;

SAPAGKAT, si Direktor Benjamin V. Diaz ay hindi lamang magaling at mabuting lingkod-bayan kungdi isa rin na ulirang asawa at ama ng tahanan, mabuting anak ng kanyang mga magulang at mahusay na kaibigan ninuman;

SAPAGKAT, si Direktor Diaz ay mabuting huwaran ng isang lingkod ng bayan na dapat papurihan at tularan;

SAPAGKAT, hindi alintana ni Direktor Diaz ang anumang panganib mangahulugan man ito ng kanyang buhay para sa kapakanan ng kanyang bayan;

SAPAGKAT, ang di-makatwirang pagpaslang kay Direktor Diaz ay nagpapahiwatig lamang ng kawalan ng pagkilala at paggalang sa karapatan ng bawat isa na mabuhay lalo pa't ang isang lingkod ng bayan na katulad ni Direktor Benjamin Diaz na walang hinangad kungdi ang makapag-lingkod sa kanyang mga kababayan ng buong husay at katapatan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan na pagtibayin ang isang kapasiyahan na nagpapahayag ng buong-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ni Direktor Benjamin V. Diaz sa kanyang napakaaga at di-inaasahang pagsakabilang buhay at kinokondena ang di-makatwiran at di-makataong pagpaslang sa kanya at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga naulila ni Direktor Diaz.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-150 na pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-8 ng Abril, 1991.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Konsehal CARLO G. TENSUAN
Konsehal ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal REY E. BULAY
Konsehal LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal ROMAN E. NIEFES
Konsehal NEMESIO O. MOZO
Konsehal RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal ROGER C. SMITH
Konsehal NOLASCO L. DIAZ
Konsehal VICENTE Y. CHUA

PINATOTOHANAN: PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim